# PAGMUMULAT:
# ANG PAMAMARAANG QUAN YIN

Iminumulat ng Gurong Ching Hai ang mga tapat na aspirante sa Pamamaraang Quan Yin. Ang mga titik na "Quan Yin" ng Chinese ay nangangahulugan ng pagbubulay-bulay ng may mapagsasaligang tugon ng damdamin. Saklaw ng Pamamaraan ang mga pagninilay sa Lihim na Liwanag at sa Lihim na Tinig, o sa Salita tulad ng tinutukoy sa Bibliya. Ipinahayag ni Bodhisattva Manjushri sa Surangama Sutra, na ang Pamamaraang ito ang pinakamagaling sa lahat ng maaaring pamamaraan sa pagtamo ng kaliwanagan. Ito ay pauli-ulit nang kinikilala sa panitikang espirituwal ng lahat ng relihiyon sa buong mundo.

Sa pagmumulat, ang pansariling tagubilin sa pagninilay ay ibinibigay, at ang Gurong Ching Hai ang naghahanda ng "paghahatid na espirituwal". Ang unang pagdanas ng Pagiging Naroroon ng Diyos ay ibinibigay sa katahimikan, at ang mismong Gurong Ching Hai ay hindi kinakailangang naroroon upang buksan ang pintong ito para sa inyo. Ang pangyayaring ito ay tinutukoy kung minsan bilang ang "bigla" o "dagling kaliwanagan".

Ang araw-araw na pagsasanay ng pagninilay sa Pamamaraang Quan Yin, at ang pagtalima sa "Limang Panuntunan" ang tanging inyong kailangan pagkaraan ng pagmumulat. Ang mga pagsasanay na ito ang makapagpapahintulot sa inyo upang mapalalim



ninyo at mapalakas ang una ninyong karanasan sa kaliwanagan, at upang sa huli ay matamo ninyo ang pinakamataas na antas ng Pagkapukaw o Pagka-Buddha para sa inyong sarili. Kung hindi kayo magsasanay araw-araw, tiyak na halos makakalimutan ninyo ang inyong kaliwanagan at magbabalik kayo sa isang pangkaraniwang antas ng kamalayan.

Lahat ng tao, mula sa lahat ng uri ng pamumuhay at sa lahat ng ugnayang pangrelihiyon, ay tintanggap ng Gurong Ching Hai para sa pagmumulat. Hindi ninyo kailangang palitan ang kasalukuyan ninyong relihiyon o paraan ng paniniwala. Hindi kayo hihilingang sumapi sa anumang samahan o magbayad ng butaw, o makilahok sa anumang paraang hindi naaangkop sa kasalukuyan ninyong pamumuhay.

Inihahandog ng Gurong Ching Hai ang kanyang mga panayam at pagpukaw nang walang bayad.